

Estilo ng Pagsasalin sa Wikang Filipino ng mga Teksbuk sa Araling Makabayan

Ester Torres-Rada, Ph.D.
San Beda College

Panimula

“Buhay at dinamiko ang wikang Filipino” kaya naman nagkakaiba ang wikang ginagamit ng iba’t ibang pangkat ng mga tao sa lipunan. Ayon kina Catacataca at Espiritu (Wikang Filipino: Kasaysayan at Pag-unlad, 2005, p. 129), mahalaga ang paglalarawan ng barayti ng Filipino na ginagamit sa iba’t ibang larangan. Gayundin, ang patuloy na dokumentasyon ng mga datos ukol sa mga nabubuong barayti sa mga pasulat na aklat dahil makatutulong ang mga ito upang makabuo ng pangkalahatang paglalarawan ng Filipino tungo sa istandardisasyon ng wika.

Maging sa intelektwalisasyon ng wika, mahalagang pagkunan ng batis ng mga baryasyon ng mga salita ang pasulat at nakalimbag na mga kagamitang panturo at mga aklat.

Sibayan (1998) describes it (textbook) as a pedagogical idiom. He says that curriculum planners and textbook authors in Filipino are the key players towards the intellectualization of the Filipino language. He defines pedagogical idioms as the graded texts, references, and other teaching resources used from the elementary to tertiary levels of education written by experts and scholars in their respective field. (Catacataca & Espiritu, 2005, p. 153)

Tinatawag ito ni Sibayan (1988) na idyomang pedagogikal. Wika niya, “pangunahing pangangailangan sa intelektwalisasyon ang mga manunulat ng kurikulum at mga teknbuk na isang idyomang pedagogikal sa Filipino. Ang idyomang pedagogikal ay ang kabuuan ng mga ginradong teksto, mga sanggunian, patnubay at iba pang kagamitang panturo na magagamit mula unang baytang sa elementarya hanggang antas tersyarya. Isinulat ang mga ito ng mga ekspertong manunulat ng mga teknbuk at kagamitang pangkurikulum at mga iskolar at mga eksperto sa pamamaraan ng pagtuturo.” Ayon kay Sibayan, ito ang kailangan kung talagang seryoso tayong magamit ang wikang Filipino sa pagtuturo.

Ang pananaliksik na ito ay pagsusuri sa estilo ng pagtutumbas ng ilang pangunahing limbagan ng mga teknbuk sa Araling Makabayan.

Ang pagsasalin, panghihiram at pag-iimbento ng salita ay nakapaloob sa proseso ng intelektwalisasyon. Mababatid na nagkakaiba ang estilo ng pagtutumbas ng ilang limbagan dahil na rin sa iba't ibang sanggunian mula sa pribadong organisasyon, indibidwal at ahensya ng pamahalaan at maging sa nagkakaibang sosyolohikal na pananaw at katayuang sosyal ng nagpapanukala at gumagamit ng wika.

Ang mga tekstbuk bilang idyomang pedagojikal ay mahalagang pagkunan ng batis ng mga datos ukol sa namamayaning estilo sa Filipino lalo pa nga't nababatay ito sa patakarang pang-edukasyon ng bansa. Napapaloob sa mga tekstbuk ang kultura, kasaysayan at oryentasyon ng mga manunulat at guro ukol sa wikang Filipino. Nakasaad sa depinisyon ng Filipino na ibinigay ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF Resolution 96-1, 1996), na:

Ang Filipino ay ang katutubong wikang ginagamit sa buong bansa bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Katulad ng iba pang wikang buhay, ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng panghihiram sa mga wika ng Pilipinas at sa mga di-katutubong wika at sa ebolusyon ng iba't ibang barayti ng wika para sa iba't ibang sitwasyon, sa mga nagsasalita nito na may iba't ibang saligang sosyal at para sa mga paksa ng talakayan at iskolarling pagpapahayag...

Sa pagtutumbasan ng mga salita, hindi maiiwasan ang panghihiram na magbubunga ng barayti ng wika na itinuturing na natural na penomenon sa karanasang pangwika.

Loanwords have been called mileposts of linguistics, because we can with their help date language changes. But they are also mileposts of general history, especially cultural history, as they show us the course of history and often tell us more about contacts between peoples than the dry accounts in old annals. - Otto Jespersen, 1902 (Haugen, 1987, p. 83)

Sa pagsusuri sa pananaliksik na ito, ginamit ang paraan sa panghihiram sa pag-aaral ni Enriquez (1985) na may kaugnayan din sa pamamaraan ng panghihiram sa kategorya nina Haugen, Weinreich, Rodman at Bynon (Villegas, 1997; Fortunato, 1998; Sayas, 1998). Tunghayan ang mga sumusunod:

1. Hiram ganap, saling angkat, direktang pag-aangkat, tahasang panghihiram (*direct borrowing/loan words*) – hinihiram nang tuwiran ang dayuhang wika

2. Hiram paimbabaw, saling paimbabaw (*surface assimilation*) – sinusunod ang tunog ng dayuhang wika ngunit pinapalitan ang baybay ayon sa ortograpiyang Filipino
3. Saling panggramatika (*grammatical translation*) – kahawig ng hiram paimbabaw ngunit isinasaalang-alang ang dulas ng pagbigkas
4. Saling hiram, hiram salin (*loan translation o calque*)- humahanap ng pinakamalapit na salin ng salita
5. Hiram sanib, salitang sanib (*loan blending/amalgamated translation*) – pagsasanib ng baybay sa dayuhang wika at morpemang Filipino
6. Saling likha, hiram likha (*loan shift/creations or coinage/invention*) bumubuo ng bagong katumbas na salita o lipon ng mga salita
7. Salitang daglat (*acronym or abbreviated words*)
8. Salitang tapat (*parallel translation*) – pinakaangkop na salin batay sa kultura, e.g, pakikisalamuha (*social interaction*), hustong gulang (*maturity*)
9. Salitang taal, saling angkop (*indigenous concept-oriented translation*)-e.g. pakikipagpalagayang-loob (*rapport*), pakikipagkapwa (*social interaction*)

Binigyang-pansin din ang mga sumusunod na mga kategorya sa pag-aaral:

- a. kontrobersyal o may baryasyon sa ispeleng dahil iba-iba ang pananaw o paraan ng pagtutumbasan sa mga publikasyon
- b. walang tuwirang salin sa mga diksyunaryo kaya ang pagsasalin ay nasa estilo o sariling paghuhusga (*discretion*) ng mga manunulat o editor
- c. maaring nasa diksyunaryo o iba pang leksikon tulad ng mga publikasyon ng KWF at ibang organisasyon ngunit hindi nagkakaiba ng paraan ng pagsasalin dahil sa nagkakaibang estilo ng mga leksikograper o mga linggwista.

Sa ilang taon ng pagtatrabaho sa iba't ibang publikasyon, napagtanto ng mananaliksik na may pangangailangan sa pagkakaroon ng pamantayan sa estilo sa pagsulat ng teksbuk. Bunsod ito ng pagkakaiba ng oryentasyon ng iba't ibang manunulat mula sa iba't ibang paaralan at unibersidad na nagkakaiba ng panuntunan lalo na sa usapin ng wika partikular sa estilo ng pagtutumbas sa Filipino sa iba't ibang larangan. Idagdag pa rito ang “pagbabagong dulot ng aktibong inter-aksyon ng wikang Filipino sa ibang wikang katutubo at banyaga.”

Kahalagahan, Layunin, at iba pang Pagtalakay ukol sa Pag-aaral

Mayaman ang wika at dinamiko. Kaya naman nagkakaiba ng estilo ang mga manunulat sa pagpapahayag ng kanilang kaisipan. Sa paglilipat ng kaisipan sa papel, ang panuntunan sa gramatika ang unang isinasaalang-alang ng manunulat. Gayundin, may mga panuntunan sa estilo na dapat ding isaalang-alang upang higit na maunawaan ang sulatin at nakakawili ang pagbabasa.

Ang estilo ang nagbibigay-ano, tono, at karakter sa kabuuan ng sulatin. Ang estilo ang nakagawian sa pagbabaybay, pagbabantas, paggamit ng malaking titik at pagdadaglat.

In writing, style refers to the customary practices of spelling, punctuation, capitalization, abbreviation and typography (Kipfer, 1993, p. ix).

Kapag may istandard na sinusunod sa estilo higit na nagiging maayos ang daloy ng mga kaisipan sa sulatin. Bagama't masasabing istandard ang panuntunan ng estilo pinapanatili pa rin nito ang respeto sa indibidwalidad, layunin, at pansariling panlasa (*personal preference*) o estilo ng manunulat (Kipfer, 1993).

Ayon kay Nida at Taber (1969), mahalaga ang estilo bagama't sekundarya lamang ito sa nilalaman (*content*). Sa pagpili ng estilo lalo na sa pagpili ng salita dapat isalang-alang ang gamit (*function*) ng wika sa pagtutumbas.

Naglahad ng mga prayoridad si Nida at Taber sa mga pagpipiliang ito sa pagtutumbasan. Una, konsistensi sa konteksto (*contextual consistency*) sa halip na salita-sa-salita (*verbal consistency*); pangalawa, dinamikong pagtutumbasan (*dynamic equivalence*) sa halip na pormal na korespondensya (*formal correspondence*); pangatlo, tunog (*aural*) kaysa pasulat (*written*); at pang-apat, anyo na tanggap ng tagatanggap (*audience*) ng salin kaysa sa tradisyonal.

Sapananaliksik na ito, binigyang-tuon ang estilo ng pagtutumbas. Isasaalang-alang ang konsistensi sa konteksto, dinamikong pagtutumbasan sa pasulat na anyo at naangkop sa pananaw ng tagatanggap. Mahalaga ang pag-aaral na ito upang makatulong sa pagbuo ng pamantayan sa pagsasalin/pagtutumbas ng mga termino kaugnay sa agham panlipunan. Higit na mapapadali ang pagsusulat lalo na ng mga tekstbuk na mahalaga sa pagkatuto ng mga estudyante kung may mga pamantayang sinusunod kaugnay ng estilo. Kadalasan,

nakakabagal sa daloy ng pag-iisip sa pagsulat kung alalahanin pa ang estilong aayon sa pananaw ng mga target na gagamit - ang mga guro at mag-aaral. Mas magiging madali sa mga editor at manunulat kung may pamantayan sa pagtutumbas alinsunod sa kung ano ang umiiral, tanggap ng nakararami at karanasan sa mga publikasyon.

Nilalayon ng pag-aaral na masuri ang estilo ng pagsasalin/pagtutumbas sa Filipino sa pamamagitan ng mga nalathalang tekstobuk sa Araling Makabayan.

Istandardisasyon, Istylistiks at Pagsasalin

Ayon kay Haugen (1966), matatawag na istandardisado ang wika kung iisa ang baybay at iisa ang bigkas ng mga salita, iisa ang salita sa bawat kahulugan at iisa ang freymwork panggramatika. Ang istandard na wika, aniya ay dumadaan sa apat na proseso: 1) pagpili (*selection of norms*), 2) kodipikasyon (*codification of norms*), 3) implementasyon (*implementation*), at 4) elaborasyon (*elaboration*).

Sa pagpili o seleksiyon, kailangang matukoy kung ano ang suliranin sa wika (Neustupny). O kung ano ang pinagtatalunan kaugnay sa paggamit ng wika (*conflicting norms*). Kapag natukoy ang mga ito, dapat maitakda kung ano ang mapagkakasunduan o tinatawag ding *allocation of norms*. Ito ang anyo ng pagpaplanong pangwika na kung saan pinagpapasyahan ang pananatili o pagtatanggal ng wika sa lipunan. Karaniwan, ahensiya ng pamahalaan ang nagtatakda nito ngunit maaari ding indibidwal o kabilang sa isang grupo at samahan, tulad ng panukala nina Jernudd at Das Gupta (1971).

May sinusunod na mga hakbang naman sa kodipikasyon:

Una, *graphization* (Ferguzon, 1968) kung saan ang konsepto ng alpabeto, *syllabary* o ang sistema ng *ideogram* ay sinusundan. Ang sistema ng pagsulat dito ay nagmumula sa adaptasyon ng nakagawiang sistema sa bagong wika. Isinasagawa ito ng bihasang linggwista.

Pangalawa, *grammatication*. Isa itong proseso kung saan ang mga linggwista, na itinuturing na mga codifier ng wika, ang bumubuo ng mga panuntunan sa gramatika.

At pangatlo, *lexication*. Ito ang pagpili ng angkop na leksikon, kung saan nagtatakda ng estilo at sakop sa paggamit ng mga salita sa wika.

Ang karaniwang produkto ng kodipikasyon ay ang mga preskriptibong ortograpiya, gramatika at diksyunaryo.

Samantala, ang implementasyon o pagpapatupad ay tumutukoy sa mga gawain ng mga manunulat, isang institusyon o pamahalaan sa pagpapalaganap ng anyo ng wika na pinili na (*codified*). May kinalaman ito sa wikang pasulat tulad ng teksbuk, pahayagan, at iba pa.

Sa huling proseso, ang elaborasyon ay ang patuloy na pagpapatupad o implementasyon ng mga paggamit ng wika upang makaangkop sa modernisadong mundo.

Sa nirebisang modelo ng pagplano ng wika ni Haugen kaugnay ng kultibasyon ng wika ay napapaloob ang debelopment ng istaylistiks. Kung gayon, masasabi ring hindi lamang pagbabaybay ang magiging tuon ng istandardisasyon kundi ang kabuuang estilo ng pagpapahayag.

Sinuri ang estilo ng pagtutumbas sa Filipino sa mga teksbuk sa Araling Makabayan batay sa dalas ng panghihiram. Sa pagsusuring isinagawa, isinaalang-alang ang konsistensi sa konteksto at ang natural na daloy ng kahulugan ng salita.

Mga Teorya sa Pagsasalin

Pagsasaling Teknikal

Ang pagsasaling teknikal ay isang espesyalisadong pagsasaling may kinalaman sa iba't ibang larangan o disiplina. Kakaiba ito sa ibang pagsasalin dahil sa mga terminong kaugnay ng isang disiplina. Sinasabing pag-aaral ito ng wika o termino kaysa sa nilalaman o kontent ng isang subjek. Ayon kay Newmark (1988), sa pagsasaling teknikal, mas binibigyang-pansin ng tagasalin ang deskripsyon, funksyon, at epekto ng konsepto (termino). Aniya, hindi kailangang eksperto sa subjek na isinasalin sa pagsasaling teknikal, ang mahalaga ay nauunawaan ang teksto kaugnay ng konsepto at ang mga bokabularyo nito. Mas mahalaga ring alam ng tagasalin ang tunay na mga pangyayari o sitwasyon kaugnay ng konseptong isinasalin (Newmark, 1988).

Ang Sosyolingwistiks at Pagsasalin

Sa pag-aaral naman ng mga salitang Cebuano na ginawa ni John Wolff (1996), ilan sa mga salitang hiniram mula sa Espanyol at Ingles ay nakabatay sa panahon kung kailan ito naipakilala. Halimbawa, ang mga teknikal na inobasyon o imbensiyon bago 1920 ay hiniram mula sa Espanyol tulad ng asiru (*steel*), iskuba (*brush*), ripu (*faucet*);

samantala, sa makabagong panahon ang mga salita ay hiniram sa Ingles tulad ng *elevator*, *incubator*, *ajax cleaner* at *truck*.

Ang mga salitang may kaugnayan sa *movie industry* ay hiram mula sa Espanyol tulad ng pilikula (*movie*), artista sa movie; samantalang, ang mga salitang may kinalaman sa *broadcasting industry* tulad ng irpun (*earphones*), ripli (*replay*) ay mula sa Ingles. Sa panahon na naitatag ang broadcasting industry ay wala na ang mga Espanyol sa bansa.

Maging sa pagkain na naipakilala pagkatapos ng panahon ng Espanyol ay hiram mula sa Ingles tulad ng *spaghetti*, *jelly roll*; ang mga pagkain naman na may pangalang Espanyol tulad ng rimulatsa (*brown sugar*), iskabitsi (*fish with escabeche sauce*) ay panahon pa ng Espanyol.

Ang pagkakaiba ng domeyn ng mga salita mula Espanyol at sa Ingles ay nagpapatunay ng pagbabagong panlipunan pagkatapos ng panahon ng Espanyol. Ang karakter ng mga salitang nauugnay sa pagpasok sa paaralan, gawaing pampaaralan, at subjek o asignatura mula sa ordinaryo hanggang sa *post graduate* at bokasyonal ay hiram sa Ingles kung ihahambing sa mga salitang Espanyol na may kaugnayan lamang sa edukasyong primarya. Nagpapatunay ito na hanggang antas primarya lamang ang ating edukasyon sa panahon ng Espanyol. Ang palasak na paggamit ng Ingles ay nagpapatunay na Ingles ang *communicative code* sa mga eskwelahan.

Maging ang katangian ng mga salita sa panghihiram mula sa Ingles at Espanyol ay nagpapakita ng relasyon ng mga Pilipino sa pamahalaan noong panahon ng Espanyol kaysa sa panahong kasalukuyan. Ang mga titulo ng mga opisyal sa pamahalaan bago ang impluwensiyang Amerikano ay mula sa salitang Espanyol tulad ng alkalde, arkaydi (*mayor*), kabisa (*village head*). Gayumpaman, ang pagkakaroon ng sinonim ng mga salitang Espanyol sa Ingles ay nagpapatunay na *communicative code* ang Ingles maging sa lokal na pamahalaan.

Isa pang halimbawa ng impluwensiyang Espanyol ay ang presyo, oras at sukat dahil sa kalakalan na naging maunlad ng panahon nito kaya desiyotso pesos, alas onse, kinse piye, at iba pa (Wolff, 1996).

Bilingualismo, Intelektwalisasyon at Modernisasyon ng Wikang Filipino

Ang “Ponolohikal at Morpolohikal na Panghihiram ng Filipino sa Rehistro ng Agham at Matematika” ni Enedina Villegas (1997) ay naglalahad ng proseso ng panghihiram ayon kina Haugen (1962), Rodman (1988), Weinreich (1964), Bynon (1977), Enriquez (1985).

Una, direktang pag-aangkat o importasyon, pag-aangkin at pag-adap ng mga banyagang elemento nang walang pagbabago sa anyong ponolohikal o morpolohikal, maliban sa bigkas, halimbawa, *xerox, fax (loan words)*. Pangalawa, may pagbabago sa tunog at pagbabaybay hindi lamang salita ang hinihiram kundi maging ang kahulugan at konsepto nito, halimbawa, tseklist, blakbord. Pangatlo, ang panghihiram at pag-aangkin ng konsepto at kahulugan ng terminong banyaga, at paghahanap ng katumbas nito sa wikang pinagsasalinan (*loan translation o calque*), halimbawa, *skyscraper* –hiklangit. Pang-apat, pagsasanib ng mga banyaga at katutubong morpema na tinatawag ding *loan blending*, halimbawa, *i-renovate*. Napapaloob ang importasyong morpemik at parsyal na substitusyon na nagresulta sa pagsasanib ng mga morpema sa mga wikang hinihiraman at naghihiram. Panlima, paglikha ng bagong salita (*creations o coinage*) na nangangahulugan ng pag-imbento, paglikha ng mga salitang tutugon sa konsepto at kahulugan ng hinihiram na salita, halimbawa, sipnayan-matematika. Pang-anim, pagpapaikli o pagdadaglat na kadalasang nagtatapos sa imbentong akronim, halimbawa, EQ – *emotional quotient*. Pampito, pagtugaygay sa orihinal na ideya at paghaharap ng saling matapat na kapalit sa katutubong wika at lalong sumasalamin o nakapananaig sa kultura ng wikang nanghihiram (Enriquez, 1985).

Mga Gabay sa Estilo ng Pagsasalin

“Patnubay sa Pagsasalin” ng NCCA

Ayon sa “Patnubay sa Pagsasalin” ng NCCA (2003), ang paghahanap ng katumbas lamang ang pangunahing trabaho ng pagsasalin. Nagharap ito ng sunud-sunod na hakbang na maaaring pagdaanan sa pagsasalin mula Ingles:

- 1) Paghahanap ng katumbas sa Tagalog;
- 2) Paghahanap ng katumbas sa ibang wikang katutubo ng P(F)ilipinas;
- 3) Panghihiram:
 - (a) Mula sa Espanyol at isinusunod ang baybay sa tuntuning Filipino;
 - (b) Mula sa Ingles na pinananatili ang orihinal na ispelang; at
 - (c) Mula sa Ingles na isinusunod ang baybay sa tuntuning Filipino;
- at 4) Paglikha.

Nakasalig naman ang tuntunin ng Gabay sa Editing sa Wikang Filipino ng UP-SWF(2004) batay sa sumusunod na pamantayan:

baybay ayon a bigkas; baybay ayon a tradisyon o nakagawian na; at baybay ayon sa pinagmulang salita.

Revisyon sa Ispeling ng KWF

Nilalayon naman ng 2001 Revisyon ng Ispeling na maging episyente sa ispeling, sa leksikon, at sa grammar sa paggamit ng wikang Filipino, pero nagpapanatili ng fleksibilidad nito. Pinalawak nito ang paggamit ng walong dagdag na letra hindi lamang sa mga katutubong salita, salitang agham at teknikal, simbolong pang- agham at mga salitang hiram sa banyagang wika kundi maging sa anumang barayti ng hiram na salita, kasama ang hindi pormal at hindi teknikal na barayti o yaong tinatawag na karaniwang salita.

METODOLOHIYA AT DALOY NG PAG-AARAL **Disenyo ng Riserts (Deskriptibo)**

Una, binasa, tinukoy, at sinuri ang estilong ginamit sa pagsasalin ng mga terminong ang orihinal na wika ay nasa dayuhang wika mula sa mga serye ng batayang aklat sa Araling Makabayan.

Pangalawa, nagsasagawa ng sarbey at interbyu kung anong batayang manwal, kung mayroon man, o pamantayang sinusunod o *house style* sa estilong ginamit sa pagsasalin/pagtutumbas sa mga editor ng mga aklat na sinuri at kung bakit ito ang napiling manwal o rasyonal sa pagbuo ng *house style* sa tulong ng mga talatanungan o kwestyoner.

Ikatlo, sinuri ang mga datos na nakalap o ang paraan ng pagtutumbas sa mga nalathalang tekstbuk sa Araling Makabayan.

Sa tulong ng mga nakalap na pananaliksik, bumuo at sinuri ang estilo ng pagtutumbasan batay sa dalas ng panghihiram ayon sa estadistika.

Daloy ng Pag-aaral

Pagtukoy sa katumbas na mga salitang ginamit sa mga serye ng mga aklat sa Araling Makabayan na inilathala ng ilang pangunahing publikasyon

Interbyu sa mga editor ukol sa rasyunal ng paggamit ng salin sa mga tekstbuk batay sa manwal

Pagsusuri sa mga datos na nakalap batay sa estilo ng pagtutumbas na ginamit sa mga nalathalang tekstbuk sa Araling Makabayan at sa interbyu sa mga editor at manunulat

PAGLALAHAD NG MGA DATOS SA PAG-AARAL

Halimbawang Termino	Tumabasang Angkat	Tumabasang Leksikal	Tumabasang Kontekstwal	Tumabasang Berbal	Tumabasang Di-Tiyak
PANGMUSIKA <ul style="list-style-type: none"> • staff • keynote • sharp • tonic tone • pitch • major pitch • percussion • key signature 	<ul style="list-style-type: none"> • staff • keynote • sharp • tonic tone • pitch • major pitch • percussion percusion (Spanish) •key signature 		tunugang nota notang ugat tunugan tunugang mayor palatunugan Kaayusan ng lupain Patakbang tahi Pa-tatsulok i-swing pa-stride nakaliilig, nakalihis pisara	stap perkusyon Manyur Kota Keyk resaykel behetasyon koton konsampsyon Barel posisyong alimango ehersisyong panghukot iskrabpuk	limguhit sustinido bimol Oliva tuniko
PANTEKNOLOHIYA <ul style="list-style-type: none"> • chromite • bronze • gold • nickel • tin • mercury • crystal 	PANTEKNOLOHIYA <ul style="list-style-type: none"> • chromite • bronze • gold • nickel (English) • niquel (Spanish) • tin • mercury (English) mercurio (Spanish) • crystal (English) • cristal (Spanish) 	Tanso ginto Nikel, bagol (Vicassan, UP) Lata (KWF, Leo English, Vicassan) Merkuryo, asoge (Leo English, KWF, Vicassan) Bubog, Kristal (KWF, Leo English, Vicassan) Panggiik Pagkit pampalasa Resiklo (UP) Bulak (Leo English, KWF, Vicaassan) Koton (UP) Olibo (KWF) Oliba (Leo English, Vicassan) Paggamit (Leo English) Konsumo (KWF, UP) Paysahe (KWF, Leo English) Paisahe (UP) Tunika (UP) Imbak, istak (KWF) Kalakal (Leo English, Vicassan) Bariles (Leo English, KWF, Vicassan, UP) Yeso, tsok, tisa (Leo English, KWF, Vicassan) Karikatura (KWF, Leo English) kartun, komika (Leo English, Vicassan) Panggayak, pampalamu-ti (Leo English, Vicassan) Pandekoras-yon, dekoratibo (UP) Kahoy, patpat (Leo English, KWF, Vicassan) Istik (UP) Palito (KWF, Leo English, Vicassan) Tutpik (Leo English, UP) Tatu (Leo English, KWF, Vicassan)			
PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN <ul style="list-style-type: none"> • thresher • beeswax • spices • manure • quota • cake • recycle • vegetation • cotton • olive • consumption • landscape • tunic • stock • barrel • running sttich 	PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN <ul style="list-style-type: none"> • beeswax • spices • manure • quota • cake • recycle (English) recicla (Spanish) • vegetation (English) vegetacion (Spanish) • cotton (English) • Algodon (Spanish) • Olive • thresher • landscape • tunic • stock • barrel (English) • Barril (Spanish) • running sttich • right angle • to swing • in stride • slanting • crab position • flexibility exercise • consumption 				
PAMPALAKASAN <ul style="list-style-type: none"> • right angle • to swing • in stride • slanting • crab position • flexibility exercise 					
PANSINING <ul style="list-style-type: none"> • scrapbook • blackboard • chalk • cartoon • decorative • stick • toothpick • tattoo 	PANSINING <ul style="list-style-type: none"> • scrapbook • blackboard • chalk (English) • tiza (Spanish) • cartoon • decorative (English) • decorativa (Spanish) • stick • toothpick • tattoo (English) • tatuaje (Spanish) 				

MGA HALIMBAWANG SALITA AT ESTILO SA PAGSASALIN SA WIKANG FILIPINO

Ang tumbasang angkat ay ang direktang paggamit ng salita sa orihinal nitong wika tulad ng Ingles at Espanyol. Sa mga halimbawang salita sa talahanayan sa itaas, karaniwang ginagamit ang kinagawiang gamit nito sa Ingles tulad ng mga terminong pangmusika at pantahanan at pangkabuhayan.

Samantala, ang tumbasang leksikal ay batay sa pinagkakatiwalaang diksyunaryo. Ilan sa mga diksyunaryong ginagamit nang malawakan ang mga sumusunod: Diksyunaryo ng *Wikang Filipino* ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), *English-Tagalog Dictionary* ni Leo James English, *Vicassan* ni Vito C. Santos, at UP Diksyunaryong Filipino na ang patnugot ay si Virgilio Almario.

Ang tumbasang kontekstwal ay ang pagsasalin ng mga salita na isinasaalang-alang ang konteksto o larangan na kaugnay ng salita. Halimbawa, ang salin ng “keynote” bilang tunugang nota, at “key signature” bilang palatunugan dahil may kinalaman kapwa ito sa musika. Kung papansinin, kung hindi isinaalang-alang ang larangan (*field of study*) ang “key” ay maaaring naisalin bilang “susi”, kaya nga sa salitang *keynote speaker* ay tinutumbasan na susing tagapagsalita o pangunahing tagapagsalita. Gayundin, ang “signature” na maaaring lagda, subalit dahil isinaalang-alang ang konteksto ay hindi literal ang pagsasalin, bagkus, ay palatunugan, kung saan ang salitang tunog ay maiuugnay sa musika.

Ang tumbasang berbal ay kadalasang ang pagsasalin ng salita batay sa bigkas. Halimbawa, *tattoo* na binabaybay ayon sa bigkas na “tatu”. Ang perkusyon naman ay mula sa bigkas Espanyol na *percusion*. Ang tsok naman ay mula sa bigkas sa Ingles sa *chalk*. Tiza ito sa Espanyol kaya ang salin ay tisa kung saan ang “z” ay pinapalitan ng “s”.

Ang tumbasang di-tiyak ay yaong hindi batid ang pinagmulan ng salita. Halimbawa, ang salitang “oliva”. Olibo at oliba sa diksyunaryo. Karaniwang ang pagpapalit ng titik ay “v” sa “b” at hindi ang kabaligtaran. Gayundin, ang “sustinido” para sa *sharp* na hindi maipaliwanag ang pinagmulan. Samantala, ang “linguhit” para sa *staff* ay maaaring nagmula sa pagsasama ng mga salitang limang guhit dahil ang staff sa musika ay binubuo ng limang guhit.

RESULTA NG PAG-AARAL

Lumabas sa pag-aaral na ang tumbasang angkat ang higit na ginagamit. Ibig sabihin, mas malawakan ang panghihiram sa dayuhang wika. Sinundan ito ng tumbasang leksikal. Pinaniniwalaang kung may nakatala nang tumbasan sa diksyunaryo, maaari na itong gamitin. Gayumpaman, isinasaalang-alang pa rin kung madaling mauunawaan at higit na popular ang itinumbas na salita. Sumasangguni ang mga editor at manunulat sa higit na pinagkakatiwalaang mga diksyunaryo at pinipili ang tumbasan na higit na gamitin sa alinmang diksyunaryong ito. Sinundan ng tumbasang kontekstwal. Limitado lamang ito sa register kung saan ang pagtutumbas ng salita ay ayon sa partikular na larangan. Samantala, ang tumbasang di-tiyak ay iilan lamang ang gumagamit dahil hindi malinaw kung saan nagmula ang salita o ang etimolohiya nito. Ang hindi gamitin ay ang tumbasang berbal o ang pagbabaybay ng salita ayon sa bigkas nito.

SANGGUNIAN

Aklat

- Almario, V. S. et al. (2003). *Patnubay sa pagsasalin*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- Campbell, S. (1998). *Translation into the second language*. England: Addison Wesley Longman, Ltd.
- Catacataca, P. D. at Espiritu, C. C. (2005). *Wikang Filipino: Kasaysayan at pag-unlad*. (Unang ed.). Quezon City: Rex Bookstore, Inc.
- De Castro, I. P. (Ed). (1999). *Filipino sa Araling Kompyuter*. Manila: De La Salle University Press, Inc.
- De Villa, M. T. L. (2002). *Teorya at praktika sa pagsasalin ng Philippine Society and Revolution ni Amado Guerrero 1968-1982*. Quezon City: UP Center for Integrative and Development Studies.
- Enriquez, J. T. and Abasolo-Enriquez, L. (1958). *Filipino language lexicon*. Manila: Jose C. Velo.
- Fortunato, T. F. (1998). *Buhay at lipunan, Filipino para sa mga agham pantao*. Manila: De La Salle University Press, Inc.
- Haugen, E. (1987). *Blessings of Babel, bilingualism and language planning*. Berlin: Walter de Gruyter & Co.
- Javier, C. M. (2002). *Tumbasang aklat sa larangan ng pagtuturo*. Manila: Booklore Publishing Corp.
- Newmark, P. (1988). *A textbook of translation*. UK: Prentice Hall International, Ltd.
- Nida, E. A. and Taber, C. R. (1969). *The theory and practice of translation*, Netherlands: E.J. Brill.

- Panganiban, J. V. (Ed.). (1958). *Selected vocabulary lists*. Manila: Institute of National Language.
- Pinchuck, I. (1977). *Scientific and technical translation*. Great Britain: W & J Mackay Limited, Chatham.
- Robinson, D. (1997). *Becoming a translator*. London: Routledge.

Diksyunaryo

- Almario, V. S. et al. (Eds.). (2001). *UP Diksyunaryong Filipino*. Pasig City: Anvil Publishing.
- Braham, C. G. (Ed.). (1996). *Random House Webster's Dictionary*, The Ballantine Publishing Group, New York,
- Diksyunaryo ng Wikang Filipino**. (1998). (Sentinyal Edisyon), Komisyon sa Wikang Filipino. Quezon City: Merylvyn Publishing House, Inc.
- English, L. J. (1998). *English-Tagalog dictionary*. Mandaluyong City: National Book
- Santos, V. C. (1995). *Vicassan*. Pasig City: Anvil Publishing.

Dyornal

- Alonzo, R. I. (2002). "Varyasyon at varayti ng wika." *Minanga (Unang Ed.)*. 29.
- Paz, V. P. (2004). "Tungo sa estandardisasyon ng Filipino: Kaso ng paggamit sa 2001 revisyon at patnubay sa ispelang ng wikang Filipino ng Komisyon ng Wikang Filipino." *Daluyan*, XII (2), 7-24.
- Sayas, M. C. (2002). "Saling-salik saling-salin: Isang tangkang saling-sagip (sa bernakular na wika at Inhenyeriya)" *Daluyan*, XI (1), 58-70.

Manwal/Gabay ng Estilo

- Kipfer, B. A. (1993). *21st century manual of style*. New York: Dell Publishing.
- Zafra, G. S. et al. (2004). *Gabay sa editing sa wikang Filipino (tuon sa pagbaybay)*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.

Disertasyon

- Villegas, E. (1997). *Ponolohikal at morpolohikal na panghihiram ng Filipino sa rehistro ng Agham at Matematika*. (unpublished doctoral dissertation). Unibersidad ng Pilipinas, Quezon City.

Teksbuk

- Imperial, C. M. et al. (2005). *Kayamanan* (serye ng workteks sa Araling Panlipunan para sa una hanggang sa ikaapat na taon sa sekundarya). Quezon City: Rex Book Store, Inc.
- Calairo, E. F. et al. (2006). *Panahon, kasaysayan, at lipunan*. (Ikalawang ed). (Serye ng mga aklat sa Araling Panlipunan para sa una hanggang ikaapat na taon sa sekundarya), Makati City: Diwa Learning Systems, Inc.
- De Dios, E. S. et al. (2004). *Makabayan serye* (sekundarya). Quezon City: Vibal Publishing House, Inc.